INTERNATIONAL NAPASA (October 17, 2023)

1)IMPORMASYON UKOL SA CONCERT SAHACHIMAN YAMA NO YOUKAN

八幡山の洋館でのコンサートのお知らせ

Sa October 21 (Wednesday) at 22 (Sunday) magkakaroon ng Classic Music at Popular Music. Magkakaroon din ng Chorus at iba pa. Para sa mas detalyadong impormasyon nang nilalaman ng Musika ay makikita sa Home Page ng Hiratsuka City. Ang oras ay mula 10:00 ng umaga hanggang 6:00 ng hapon. Ang pagpasok dito ay walang bayad. Makakapasok ang naunang 45 kataong dumating. Para sa mga mga katanungan ay maaaring tumawag sa old ***YOKOHAMA RUBBER MEMORIAL HALL (YOKOHAMA GOMU KINEN KAN).*** Telephone No. **0463-35-7114 (0463-35-7114).**

2)IMPORMASYON UKOL SA SHONAN HIRATSUKA FUREAI MARKET

湘南平塚ふれあいマーケットのお知らせ

Sa October 22 (Sunday) ay magkakaroon ng***SHONAN HIRATSUKA FUREAI MARKET*** sa palengke ng bagsakan ng mga paninda sa 1-7 Shinomiya, Hiratsuka City. Ang oras ay mula 7:00 ng umaga hanggang alas 8:00 ng umaga. Makabibili ng mga lokal na napapanahong mga gulay, sariwang isda, at iba pa. Ito ay matutuloy pa rin sa petsang itinakda kahit na umulan. Kung may gusto pang malaman ukol sa bagay na ito ay maaring tumawag sa ***INDUSTRIAL PROMOTION DIVISION (SANGYO SHINKO KA)*** ng Hiratsuka City. Telephone No. **0463-21-9758 (0463-21-9758)** o maaaring tumawag sa umaga ng araw ng pagdiriwang. Telephone No. **090-3215-0106 (090-3215-0106).**

3)TOUR PARA SA 10 TAONG ANIBERSAYONG PAKIKIPAG-KAIBIGAN SA IZU CITY

伊豆市の友好都市提携１０年ツアーのお知らせ

Ang ***IZU CITY,*** ang Friendship City ng Hiratsuka City, at para sa 10 taong Anibersaryo ay magkakaroon ng seremonya sa November 3 sa Izu City. Ngayon ay kasalukuyang naghahanap ng mga taong gustong lumahok sa Bus Tour na ito. Dito ay bibisita sa Shusenji Temple at Izu Winery. Ang halaga ng Bus Tour ay ¥6000 isang tao. Ang kapasidad ng bilang na lalahok ay hanggang 40 katao. Sa mga nais na lumahok ay magpa-reserba sa JTB 3-1 Takaracho. Telephone Number **0463-23-9051 (0463-23-9051).**

4)SCHEDULE NG LABAN NG SHONAN BELLMARE SA LEMON GAS STADUIM

湘南ベルマーレのレモンガススタジアムでの試合予定のお知らせ

Sa November 11 (Saturday) ay may schedule ng laro ang ***SHONAN BELLMARE*** laban sa ***NAGOYA GRAMPUS,*** at ang oras ng umpisa ng laban ay mula 2:00 ng hapon. Ang ticket na hindi nakareserba ang upuan ay nagkakahalaga ng **¥ 2700** para sa matatanda, at **¥ 1000** naman sa mga mag-aaral ng nasa Elementarya, Junior High School at High School.

5）PAGPAPAALAM UKOL SA LIBRENG PAGSUSURI NG HIV AT HIPATITIS B

HIV とB型肝炎のお知らせ

3 beses na schedule ng libreng pagsusri ng ***HIV*** at ***HIPATITIS B*** sa Kanagawa:
November 18, January 20 at March 16

Ang lugar ay sa 7-6 Minato Machi Medical Clinic sa Kanagawa KukinKoucho Yokohama City. Sa mga nais magpasuri ay kinakailangan ang pagpapareserba 10 araw bago ang pagsusuri. Telephone Number **045-453-3673 (045-453-3673).**